


Microarray ng Kromosomal:: Tungkol sa Pagsusuring Ito

(Chromosomal microarray: About this test)

Ang chromosomal microarray, na tinatawag ding microarray o array, ay tumutulong upang matukoy kung ikaw o ang iyong anak ay may kalusugan o mga isyung pang-edukasyon na maaaring may genetiko na sanhi.

Ano ang mga kromosoma?

(What are chromosomes?)




Ang bawat selula sa iyong katawan ay may mga genetikong tagubilin na nagsasabi kung paano dapat umunlad at gumana ang iyong katawan. Ang mga genetikong tagubilin ay nakapaloob sa mga estruktura na tinatawag na mga kromosoma. Mayroon kang dalawang kopya ng karamihan sa mga kromosoma. Isang kopya ay mula sa itlog at ang isa ay mula sa sperm na bumuo sa iyo. Dahil ang mga kromosoma ay naglalaman ng iyong mga genetikong tagubilin, mahalaga ang buong set ng kromosoma para sa paglaki at pag-unlad.

Ano ang isang array?

(What is an array?)

PAGKAWALA

PAG-UULIT



Ang isang array ay isang pagsusuri na tumitingin sa mga piraso ng kromosoma na nawawala, o mga piraso na labis. Ang nawawalang piraso ng kromosoma ay tinatawag na deletion (pagkawala). Ang labis na piraso ng kromosoma ay tinatawag na duplication (pag-uulit). Ang mga pagkakaibang ito sa kromosoma ay maaaring magdulot ng mga isyu sa kalusugan o edukasyon.



Ang mga pagkakaibang ito sa kromosoma ay hindi dulot ng anumang ginawa o hindi ginawa ng isang tao o magulang. Minsan, ang pagkakaibang ito sa kromosoma ay maaaring isang bagong, random na pagbabago na hindi nagmula sa magulang. Sa ibang mga kaso, ito ay maaaring ipasa mula sa magulang patungo sa anak.

Upang magsagawa ng array, ang isang laboratoryo ay kukuha ng sample ng dugo. Sa Alberta, walang bayad ang pagsusuring ito para sa iyo.

Maaaring magtagal ng ilang buwan bago makuha ang mga resulta. Tanungin ang iyong healthcare provider kung paano mo malalaman ang mga resulta.

Anong uri ng mga resulta ang maaari kong makuha?

(What type of results could I get?)

- **Positibong Resulta:** Ang positibong resulta ay nangangahulugang natagpuan ng array ang genetiko na sanhi ng kalusugan o isyung pang-edukasyon mo o ng iyong anak. Ang kaalaman sa genetiko na sanhi ng mga isyung ito ay makakapagbigay sa iyo at sa iyong healthcare team ng kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang pagsusuri ng mga biological na magulang ay maaari ding magpakita kung paano maipapasa ang kondisyon sa pamilya.
- **Negatibo o hindi-nagbibigay ng impormasyon na resulta:** Ang negatibo o hindi-nagbibigay ng impormasyon na resulta ay nangangahulugang hindi nakatagpo ang array ng genetiko na sanhi ng kalusugan o isyung pang-edukasyon mo o ng iyong anak. Ngunit hindi kayang suriin ng array ang bawat posibleng kondisyon ng genetiko. Sa ilang mga kaso, maaaring magmungkahi ang iyong healthcare team ng mas detalyadong pagsusuri.
- **Hindi tiyak na resulta:** Ang hindi-tiyak na resulta ay nangangahulugang nakatagpo ang array ng pagkakaiba, ngunit hindi ito ganap na nauunawaan. Ang pagkakaibang ito ay maaaring magpaliwanag o hindi ng mga isyu sa kalusugan o edukasyon. Makikipag-usap ang iyong healthcare team sa iyo tungkol sa mga susunod na hakbang upang mas maunawaan ang resulta. Minsan, ang mga biolohikal na magulang o iba pang mga kamag-anak ay maaaring hingan ng sample ng dugo para sa karagdagang pagsusuri.
- **Hindi inaasahang natuklasan:** Ang hindi inaasahang natuklasan ay nangangahulugang nakatagpo ang array ng isang kondisyong genetiko, ngunit hindi ito kaugnay sa kasalukuyang isyu. Maaaring ikagulat ito kapag nalaman dahil ang array ay tumitingin sa lahat ng iyong kromosoma. Maaaring magulat na malaman ito. Bagaman ang hindi inaasahang natuklasan ay hindi nagpapaliwanag ng iyong kasalukuyang kalusugan o isyung pang-edukasyon, maaaring ito pa rin ay mahalaga sa medikal para sa iyo at sa iyong pamilya.

Para sa 24/7 na pagpapayo ng nars at pangkalahatang impormasyon sa kalusugan, tumawag sa Health Link sa 811.

Huling nasuri noong: Nobyembre 27, 2023

May-akda: Programang Klinikal at Metabolikong Henetika (Clinical and Metabolic Genetics Program), Alberta Health Services

Hindi kapalit ng payo ng isang kwalipikadong propesyonal sa kalusugan ang materyal na ito. Nakalaan ang materyal na ito para sa pangkalahatang impormasyon lang at ipinagkakaloob ayon sa kondisyon na "kung ano ito," "saan ito" sa kasalukuyan. Bagaman may mga isinagawang makatwirang pagsisikap upang kumpirmahin ang katumpakan ng impormasyon, ang Alberta Health Services ay hindi gumagawa ng anumang representasyon o garantiya, hayag man, ipinapahiwatig, o itinatakda ng batas, ukol sa katumpakan, pagkamaasahan, pagkakumpleto, kaangkupan o pagkaakma para sa partikular na layunin ng naturang impormasyon. Ang Alberta Health Services ay hayagang itinataggi ang lahat ng pananagutan para sa paggamit ng mga materyal na ito, at para sa anumang claim, aksyon, hinihingi o demanda na nagmumula sa naturang paggamit.

Microarray ng Kromosomal: Tungkol sa pagsusulit na ito

(Chromosomal microarray: About this test)